

Pagpapanatili ng Maayos na Daloy ng Biyahe sa Vaughan

Nagsimula na ang Lungsod sa konstruksiyon ng Pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive

VAUGHAN, ON (Agosto. 28, 2026) – Ang Lungsod ng Vaughan ay gumagawa ng isa pang malaking hakbang upang labanan ang pagsisikip ng trapiko at matulungan ang mga pamilya na makabiyahe nang mas mabilis sa buong lungsod sa pamamagitan ng pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive sa pagitan ng Highway 400 at Weston Road.

Noong Agosto 28, nagtipon-tipon sina Mayor Steven Del Duca at mga Miyembro ng Konseho upang simulan ang konstruksiyon ng Pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive, isang malaking pamumuhunan sa imprastraktura na magpapahusay sa pagkakaugnay ng mga daan, magpapabawas sa pagsisikip ng trapiko, at magpapanatili ng maayos na daloy ng biyahe sa Vaughan.

Ang proyekto ay naghuhudyat ng isa pang mahalagang tagumpay sa pagsisikap ng Lungsod na bumuo ng mas maayos at magkakaugnay na sistema ng transportasyon. Itinakda bilang pangunahing layunin sa [Siyam na Puntong Plano ng Pagkilos Laban sa Pagsisikip ng Trapiko](#), ng Konseho ng Vaughan, ang pagpapahaba ay mag-uugnay sa Bass Pro Mills Drive mula Highway 400 hanggang Weston Road, na bubuo ng mahalagang bagong daanan mula silangan patungong kanluran para sa mga mamamayan, negosyo, at mga bisita.

Ang Pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive ay:

- bubuo ng bagong daanan mula silangan patungong kanluran na angkop sa iba't ibang uri ng pagbiyahe sa pagitan ng Highway 400 at Weston Road.
- makatutulong sa pagbabawas ng pagsisikip ng trapiko sa Rutherford Road at sa mga kalapit na daanan.
- susuporta sa hinaharap na paglago at pag-unlad sa nasabing lugar.
- pagagandahin ang mga pagpipilian sa transportasyon para sa lahat ng gumagamit ng daan.
- magbibigay ng ligtas at maayos na imprastraktura para sa mga naglalakad, nagbibisikleta, at iba pang gumagamit ng aktibong transportasyon.

Inaasahang matatapos ang Pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive sa taong 2030.

MGA PANIPI

“Habang patuloy na lumalawak ang ating lungsod, nananatiling isa sa pinakamalaking hamon na kinakaharap ng mga pamilya ang pagsisikip ng trapiko. Alam kong malaki ang pagsisikip ng trapiko sa bahaging ito, kaya naman ang pagsisimula ng konstruksiyong ito ay isang napakahalagang hakbang pasulong. Ang proyekto ng Pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive ay isang pangakong aking binitiwang bilang Mayor sa simula pa lamang, bilang bahagi ng Siyam na Puntong Plano ng Pagkilos Laban sa Pagsisikip ng Trapiko, at nagsisikap kami nang husto upang matiyak na mabubuksan ang pagpapahabang ito sa lalong madaling panahon. Ang matatag na pamumuno ay nangangahulugan ng paghahatid ng mga tunay na resulta para sa inyo, at ang proyektong ito ay patunay ng pangakong isinasakatuparan natin. Nais kong pasalamatang ang mga kawani ng Lungsod sa buong organisasyon na masigasig na nagtrabaho upang makarating tayo sa araw na ito. Sama-sama nating panatiliing maayos ang daloy ng biyahe sa Vaughan.”

- Mayor Steven Del Duca

“Isang kagalakan na ipagdiwang ang isang kahanga-hangang tagumpay para sa pamayanan ng Ikatlong Distrito — ang pagsisimula ng pagtatayo ng Pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive, isang proyektong magdadala ng malaking pagbabago na magpapahusay sa pagkakaugnay ng mga daan, makatutulong sa pagbabawas ng pagsisikip ng trapiko, at magpapanatili ng maayos na daloy ng biyahe sa ating lungsod sa mga darating na panahon. Nais kong pasalamatang ang mga kawani ng Lungsod sa kanilang masigasig na paggawa, dedikasyon, at kahusayan sa pagpapalano at pagdidisenyo ng proyektong ito, gayundin si Mayor Steven Del Duca sa kanyang pamumuno sa pagsusulong ng mahalagang hakbang na ito. Ito ang hudyat ng pagsisimula ng kahanga-hangang yugto, at inaasahan kong makita ang mga pakinabang na idudulot ng pagpapahabang ito sa lungsod kapag natapos na ito sa taong 2030.”

- Konsehal Rosanna DeFrancesca ng Ward 3

MABILISANG KATOTOHANAN

- Noong Agosto 28, nagtipon-tipon sina Mayor Steven Del Duca at mga Miyembro ng Konseho upang simulan ang konstruksiyon ng Pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive, isang malaking pamumuhunan sa imprastraktura na magpapahusay sa pagkakaugnay ng mga daan, magpapabawas sa pagsisikip ng trapiko, at magpapanatili ng maayos na daloy ng biyahe sa Vaughan.
- Itinakda bilang pangunahing layunin sa [Siyam na Puntong Plano ng Pagkilos Laban sa Pagsisikip ng Trapiko](#), ng Konseho ng Vaughan, ang pagpapahaba ay mag-uugnay sa Bass Pro Mills Drive mula Highway 400 hanggang Weston Road, na bubuo ng mahalagang bagong daanan mula silangan patungong kanluran para sa mga mamamayan, negosyo, at mga bisita.

ALAMIN ANG HIGIT PA

- [Siyam na Puntong Plano ng Pagkilos Laban sa Pagsisikip ng Trapiko](#)
- [Webpage](#) ng Pagpapahaba ng Bass Pro Mills Drive

-30-

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

KONTAK NG MEDIA: Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca